

ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

ANG PUBLICATION BANS

Ano ang ibig sabihin ng publication ban?

Ang publication ban ay isang utos na ginagawa ng Hukuman upang mahadlangan ang sinoman na maglathala, mag-broadcast, o magpadala ng anumang impormasyon na maaaring mag-identify sa isang biktima, saksi, o ibang taong lalahok sa criminal justice system. Nilikha ang publication ban upang pahintulutan ang mga biktima, mga saksi, at iba pang mga tao na lumahok sa justice system nang hindi dumaranas ng hirap.

Karapatan ng isang biktima!

Ang *Canadian Victims Bill of Rights (Katipunan ng Canada Ukol sa mga Karapatan ng Biktima)* ay isinabatas noong Hulyo 23, 2015. Ang Batas na ito ay nagbibigay sa bawat biktima ng karapatan na maisaalang-alang ng mga awtoridad sa criminal justice system ang kanyang pagka-pribado at na maprotektahan ang kanyang identidad. Ang mga karapatang ito ay bahagi ng karapatan ng isang biktima na magkaroon ng proteksyon.

Kailan maaaring mag-utos ng publication ban ang Hukuman?

Ang tuntunin ng pagiging bukás ay mahalagang bahagi ng criminal justice system ng Canada. Sa pangkalahatan, ang lahat ng mga proceeding o paglilitis ay isinasagawa sa isang open court (bukás na hukuman), at ang mga pangalan ng lahat ng mga saksi, mga biktima, at mga akusado ay inihahayag sa publiko. Mayroong mga eksepsyon. Ang mga ito ay nangyayari kapag inutos ng Hukuman ang isang publication ban upang protektahan ang isang biktima, saksi, o kalahok ng justice system. Isasaalang-alang ng Hukuman kung para kanino ang publication ban, ang uri ng sala, at iba pang mga factor kapag nagpapasiya kung kailangang gawin ang utos. Ang isang publication ban ay maaaring naaangkop, halimbawa, upang:

- hikayatin ang mga saksi na natatakot tumestigo;
- protektahan ang mga vulnerable na saksi, kabilang ang mga bata at mga biktima ng krimen;
- hikayatin ang mga biktima at ang iba na ireport ang mga sala na karaniwang hindi gaano inirereport, tulad ng sexual offence (sekswal na pagkakasala); at
- protektahan ang pagka-pribado ng mga kalahok sa justice system.

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHANG IMPORMASYON

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHA NG PROTEKSYON

 ANG KARAPATAN NA LUMAHOK

 ANG KARAPATAN NA HUMINGI NG RESTITUSYON

 ANG KARAPATAN NA MAGREKLAMO

Paano ba nagpapasiya ang Hukuman kung mag-utos ito ng isang publication ban?

Itinatakda ng *Criminal Code* (Kodigo Kriminal) ang mga patakaran para sa mga publication ban. Ang mga patakarang ito ay nag-iiba-iba depende sa kung sino ang nag-aaplay para sa publication ban at sa natural ng proceedings (mga paglilitis).

Halimbawa, *dapat* sabihin ng Hukuman ang mga biktimang wala pang 18-taong-gulang na mayroon silang karapatang humingi ng publication ban, at kung hiningi ito ng biktima ay *dapat* iutos ng Hukuman ang publication ban. Dapat din sabihin ng Hukuman sa lahat ng mga biktima at mga saksi ng sexual offences (sekswal na panghahalay) na wala pang 18-taong-gulang na mayroon silang karapatang humingi ng publication ban. Dapat mag-utos ang Hukuman ng ban kung hiningi nila ito.

Ipinapahayag din ng *Criminal Code* na maaaring iutos ng Hukuman ang isang publication ban upang protektahan ang identidad ng sinomang ibang biktimang mas matanda sa 18-taong-gulang, o sinomang ibang saksi kung naniniwala ang Hukuman na ang utos ay “nasa kabutihan ng angkop na pamamahala ng hustisya.” Maaari rin ito iutos ng Hukuman para sa ibang mga taong kalahok sa mga kriminal na paglilitis tulad ng isang hurado, pulis, o informant ng pulis para sa mga pagkakasalang may kinalaman sa mga kriminal na organisasyon, terorismo, at national security (seguridad ng bansa).

Kapag nagpapasiya ang Hukuman kung mag-utos ito ng publication ban para sa mga ganoong biktima, mga saksi, o mga kalahok sa justice system, maaaring isaalang-alang ng Hukuman ang ilang factors. Kabilang sa mga ito ang:

- karapatan ng akusadong tao na magkaroon ng isang makatarungan at publikong paglilitis;
- kung may panganib na maisasapanganib o masasaktan ang biktima, saksi, o kalahok ng justice system kung nalaman ng publiko ang kanilang identidad;
- kung ang utos ay kinakailangan upang protektahan ang isang biktima, saksi, o kalahok ng justice system mula sa pananakot o paghihiganti; at
- interes ng lipunan na hikayatin ang pagreport ng mga pagkakasala at ang paglahok ng mga biktima, saksi, o kalahok ng justice system (hal., mga opisyal o hurado ng hukuman) sa criminal justice system.

Ang buong listahan ng factors ay mahahanap sa *Criminal Code*.

Paano ba mag-request ng isang publication ban?

Itinatakda ng *Criminal Code* ang mga hakbang sa pag-request ng isang discretionary publication ban (publication ban na pagpapasiyahan ng hukuman):

- Ang prosecutor (nagsasakdal), biktima, saksi, o kalahok ng justice system ay dapat sumulat upang humingi ng publication ban. Ang táong humihingi ng utos na ito ay dapat magbigay ng paliwanag kung bakit kailangan niya ang ganitong uri ng proteksyon.
- Ang request ay ibibigay sa huwes na magsasagawa ng hearing ng kaso. Kung wala pang napipiling huwes, ang request ay maaaring ibigay sa ibang huwes ng parehong hukuman.
- Ang prosecutor, ang táong akusado, at sinomang ibang tao na maaaring naapektohan ng publication ban ay dapat sabihin tungkol sa aplikasyon. Magpapasiya ang Hukuman kung sasabihin nito sa media o sa sinomang maaaring maapektohan ng aplikasyon. Halimbawa, kailangang malaman ng local newspapers dahil ang isang publication ban ay magbibigay sa kanila ng limitasyon kung paano nila irereport ang trial o paglilitis.
- Maaaring magtanghal ng isang hearing (pandinig) ang Hukuman upang isaalang-alang nito ang request para sa publication ban. Sa pandinig, maaaring sabihin ng biktima, saksi, o ng kalahok ng justice system kung bakit kailangan niya ang utos na ito. Maaari rin magsalita ang prosecutor, ang táong akusado, ang media, o ang ibang mga partidong apektado ng utos.

Ano ang mangyayari sa isang hearing (pandinig)?

Ang isang pandinig kung saan pagpapasiyahan kung mag-utos ng publication ban ay hindi kasing pormal ng isang trial, at ito'y maaaring itanghal nang pribado sa halip na sa isang bukás na hukuman. Ang biktima, saksi, o kalahok sa justice system na humihingi ng publication ban ay maaaring magsalita para sa kanilang sarili, o kaya'y maaari nilang hilingin ang isang abogado namagsalita para sa kanila.

Kung sumasang-ayon ang Hukuman na ang isang publication ban ay kinakailangan upang protektahan ang identidad ng biktima, saksi, o kalahok sa justice system, iutos ng Hukuman ang ban. Ang utos ay maaaring may ilang mga takdang tadhana o mga kondisyon — halimbawa, maaaring mabisa lamang ito para sa isang takdang panahon.

Ano ang mga responsibilidad ng mga biktima, mga saksi, at ng ibang mga tao na ang identidad ay prinoprotektahan ng isang publication ban?

Mahalaga para sa mga biktima, mga saksi, at mga kalahok sa justice system na malaman na kung iutos ng Hukuman ang publication ban, ang kanilang pangalan ay hindi maaaring ireport sa balita, at hindi sila maaaring makipagkomunika sa media sa anumang ibang paraan. Halimbawa, ang isang biktima ay hindi maaaring sumulat sa editor kung saan siya'y kinikila bilang biktima o saksi sa pagkakasala.

Sa darating na panahon, maaaring pagpasiyahan ng biktima, saksi, at kalahok sa justice system na ayaw na niyang ipagpatuloy ang publication ban. Kung gayon, dapat siya humingi ng utos mula sa Hukuman na itigil ito, at dapat niya ipahayag kung paano nagbago ang mga pangyayari, at dahil dito'y nagbago rin ang utos.

Saan pa ba makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mayroong makukuhang tulong kung ikaw o isang táong kilala mo ay naging biktima ng isang krimen. Ang lahat ng provinces at territories ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen. Matutulungan ka nila kung kailangan mo ng impormasyon o ng ibang tulong. Ang Direktoryo ng Victim Services ay makakatulong sa iyo na humanap ng victim services malapit sa iyo:

<http://www.justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victim/vsd-rsv/index.html>